Babala tungkol sa Fake Extension Stamps

Ang Embahada ng Pilipinas sa Kuala Lumpur ay nagpapaalala tungkol sa dumaraming insidente ng pekeng extension stamps sa mga pasaporte at gumagamit ng pekeng pirma ng mga signing officers ng Embahada.

Ang mga taong may hawak ng pasaporteng may pekeng extension stamps ay maaring maimbestigahan, makulong at maisama sa blacklist ng Malaysia. Ang pangalan ng aplikante ay isasama rin sa passport watch list ng Pilipinas.

Ang Embahada ng Pilipinas sa Kuala Lumpur ang may karapatang magtatak ng validity extensions sa mga pasaporte. Lahat ay pinapayuhang magpa-extend lamang ng kanilang passport validity sa Embahada o sa consular missions *(ww.philembassykl.org.my/main/index.php/consular-services/passport/9-uncategorised/359-schedule-of-mobile-consular-missions-for-2018)*.